# Ano ang Lifeline Rate Program?

Ang Lifeline Rate Program ay alinsunod sa **Republic Act No. 11552** na nakatakdang ipatupad simula Enero 2024. Layon ng batas na ito na mabigyan ng **non-cash monetary discount** sa bayarin sa kuryente ang mga mahihirap nating kababayan.



## Sino ang mga kwalipikado para makakuha ng diskwento?

1. 4Ps Beneficiary



Mga tumatanggap ng ayuda sa ilalim ng Republic Act No. 11310 o "Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) Act"

2. Marginalized End-User na Non-4Ps



Mga kumikita ng mas mababa sa itinakdang poverty threshold ng Philippine Statistics Authority

## TANDAAN!

Mapa-4Ps o Non-4Ps ka man, dapat pasok sa **LIFELINE CONSUMPTION THRESHOLD** ng inyong Electric Cooperative (EC) ang inyong konsumo sa kuryente. Makipag-ugnayan sa inyong electric coop kaugnay sa itinakdang kilowatt hour para makakuha ng diskwento sa electric bill.

## Mga dokumentong kailangan para makapag-apply ng diskwento




**1. Para sa 4PS Beneficiary:**

- Application form
- Pinakabagong electric bill
- Anumang government-issued ID na mayroon ninyong pirma at address

**2. Para sa Marginalized End-User na Non-4Ps:**

- Sertipiko mula sa local Social Welfare Development Office (SWDO) bilang patunay na ang kinikita ng inyong pamilya ay mas mababa kumpara sa itinakdang poverty threshold
- Application form
- Pinakabagong electric bill
- Anumang government-issued ID na mayroon ninyong pirma at address

## Mga Dapat Tandaan Tungkol Sa Lifeline Rate Program

- Kada electric service account, isang aplikasyon lang para sa diskwento.

- Kung hindi sa iyo nakapangalan ang electric service account pero kamag-anak o nangungupahan ka sa bahay ng may-ari nito, maaari ka pa ring mag-apply para sa diskwento.

- Maaari ring mag-apply sa Lifeline Rate Program ang mga nakakakuha ng senior citizen discount sa kuryente.

- Magkakaiba ang Lifeline Consumption Threshold ng mga electric cooperatives o ang itinakdang lebel ng konsumo sa kuryente para makakuha ng diskwento.

- Hindi ka puwedeng mag-apply ng diskwento kung ikaw ay:
  - nakatira sa condominium o subdivision maliban na lang kung pabahay ito ng gobyerno
  - nag-avail ng net metering services
  - lumabag sa Anti-Pilferage of Electricity and Theft of Electric Transmission Lines/Materials Act of 1994



- May dalawang (2) araw ang electric coop para iproseso ang aplikasyon para sa diskwento at mag-isyu ng Certificate of Lifeline Coverage pero para sa inisyal na labindalawang (12) buwan ng implementasyon ng programa, may sampung (10) araw ang EC para aksyunan ang aplikasyon.

- Valid ng hanggang tatlong (3) taon ang Certificate of Lifeline Coverage ng mga kwalipikadong Marginalized End-Users na non-4Ps. Pagkatapos nito, kailangan nilang mag-renew, dalawang buwan bago ang expiration ng sertipiko.

- Para naman sa 4Ps beneficiary, kailangan nilang manatili sa listahan ng 4Ps ng DSWD para tuloy-tuloy na makatanggap ng diskwento. Kung matanggal sa listahan, maaari silang mag-apply bilang Marginalized End-User na non-4Ps.

**NATIONAL ELECTRIFICATION ADMINISTRATION**

Consumer Development and Protection Division

**Institutional Development Department**

8929-1909 (loc. 136)
nea_cdpd@yahoo.com

# LIFELINE RATE PROGRAM

BAGONG PILIPINAS

